# Filipino A: literature – Higher level – Paper 2
# Filipino A : littérature – Niveau supérieur – Épreuve 2
# Filipino A: literatura – Nivel superior – Prueba 2

Thursday 11 May 2017 (morning)
Jeudi 11 mai 2017 (matin)
Jueves 11 de mayo de 2017 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

**Instructions to candidates**

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the part 3 works you have studied and compare and contrast these works in response to the question. Answers which are not based on a discussion of at least two part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.
- The maximum mark for this examination paper is **[25 marks]**.

**Instructions destinées aux candidats**

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. En basant votre réponse sur au moins deux des œuvres de la troisième partie que vous avez étudiées, vous devez comparer et opposer ces œuvres dans le cadre du sujet. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la troisième partie n'obtiendront pas une note élevée.
- Vous n'êtes pas autorisé(e) à apporter des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d'examen.
- Le nombre maximum de points pour cette épreuve d'examen est de **[25 points]**.

**Instrucciones para los alumnos**

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Conteste una sola pregunta de redacción. Base su respuesta en al menos dos de las obras estudiadas de la parte 3, comparándolas y contrastándolas en relación con la pregunta. Las respuestas que no se basen en al menos dos obras de la parte 3 no recibirán una puntuación alta.
- No está permitido traer copias de las obras estudiadas a la sala de examen.
- La puntuación máxima para esta prueba de examen es **[25 puntos]**.

2217 – 0074



© International Baccalaureate Organization 2017

Sagutin ang **isang** tanong lamang. Dapat ibatay ang iyong sagot **sa kahit man lamang dalawang** akdang nasa Bahagi 3 na iyong napag-aralan at **ikumpara o pag-ibahin** ang mga akdang ito bilang tugon sa tanong. Ang mga sagot na hindi nakabatay sa pagtalakay ng kahit man lamang dalawang akda mula sa Bahagi 3 ay **hindi makakakuha** ng matataas na marka.

**Nobela**

**1.** May mga nobela na may tiyak at malinaw na wakas, may ilan namang nananatiling bukas. Paghambingin ang kahalagahan ng pagtatapos sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan para sa pag-unawa ng akda sa kabuuan.

**2.** Kadalasan, ang detalyado at sinadyang paglalarawan ng kalikasan at kapaligiran ay importanteng elemento sa epektibong kapangyarihan ng mga nobela. Paghambingin ang papel at epekto ng mga paglalarawan ng kalikasan at kapaligiran sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**3.** Batay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, paghambingin ang mga paraan kung paano tinatanghal ang protagonista.

**Maikling Kwento**

**4.** Paghambingin at pagsalungatin ang mga paraan kung paano inilalahad ang marubdob na damdamin sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan at ang epekto nito.

**5.** Sa loob ng limitasyon ng isang maikling kwento, paano, sa kahit man lamang dalawang awtor na iyong napag-aralan, naipaunlad ang mga kumplikadong daloy ng kwento?

**6.** Sa malapitang pag-ugnay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, paghambingin at talakayin kung paano inilarawan at ginamit ng mga awtor ang ideya ng tadhana at ang mga epekto nito sa mga buhay ng mga karakter.

**Dula**

**7.** Magkomento sa mga paraan kung paano pinagsasama ang katatawanan at trahedya sa kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan at ang mga epektong nililikha nito para sa mga manonood.

**8.** Sa malapitang pag-ugnay sa kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan, ipakita at paghambingin ang magkakaibang paraan ng paggamit ng mga mandudula ng aksyon at pananalita sa pagbuo ng karakter.

**9.** "Ang tunggalian ng kapangyarihan ay kadalasan mahalagang elemento sa pagpapatindi ng tensyon sa dula." Talakayin ang katotohanan ng pahayag na ito kaugnay sa kahit man lamang dalawang dulang iyong napag-aralan.

**Tula**

**10.** Kadalasan isinustruktura ng mga makata ang kanilang mga tula para bigyang diin ang expresyon, mga ideya o mga damdamin ng tula. Kaugnay sa mga tula ng kahit man lamang dalawang makata, paghambingin at pagsalungatin ang mga paraan ng paggamit ng mga makata ng struktura para sa pagkamit ng mga partikular na epekto.

**11.** Ipakita kung paano ginamit ang pag-uulit kaugnay sa mga tula ng kahit man lamang dalawang makatang iyong napag-aralan at talakayin ang tama nito sa mambabasa.

**12.** Paghambingin kung paano at kung anong epekto gumamit ang mga makata ng kulay at liwanag sa kanilang panulaan. Ibatay ang iyong tugon sa kahit man lamang dalawang makatang iyong pinag-aralan.

**Prosa-hindi kathang-isip**

**13.** Anong mga teknik ang ginagamit ng mga awtor sa pagbigay ng kontexto (halimbawa, pangkasaysayan, panlipunan...) sa kanilang mga akda? Sagutin ang tanong sa pamamagitan ng paghambing ng kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan.

**14.** Kaugnay sa kahit man lamang dalawang akdang iyong napag-aralan, talakayin kung paano maaaring gamitin ang mga talinhaga at metapora sa pagpapaunlad ng tema sa prosang hindi likhang-isip.

**15.** Paano, at sa anong mga epekto, gumamit ng salungatan ang kahit man lamang dalawang awtor na iyong napag-aralan?